


9

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Unang Markahan – Modyul 6: Salamin ng Lipunan



**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikasiyam na Baitang  
Alternative Delivery Mode  
Unang Markahan – Modyul 6: Salamin ng Lipunan  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Epimaco M. Paster, Jr.

**Editor:** Charie S. Bato, Filma B. Catalan

**Tagasuri:** Mona Lisa M. Babiera, Ivy A. Samson, Charie S. Bato

**Tagaguhit:**

**Tagalapat:** Liezel R. Capitanea

**Tagapamahala:** Isabelita M. Borres

Eugenio B. Penales

Sonia D. Gonzales

Jeanely A. Aleman

Evelyn F. Importante

Rosemarie Diocares

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – Region IX**

Office Address: Regional Center, Balintawak, Pagadian City

E-mail Address: [region9@deped.gov.ph](mailto:region9@deped.gov.ph)

**Edukasyon sa  
Pagpapakatao**  
**Unang Markahan – Modyul 6:  
Salamin ng Lipunan**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang Makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan naming na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sap ag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kani na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan




## **Alamin**

Ang modyul na ito ay dinesenyo at sinulat para sa iyo. Nandito ito upang tulungan kang maging bihasa sa **Salamin at Lipunan**.

Ang saklaw ng modyul na ito ay nagpapahintulot na gamitin sa iba't-ibang sitwasyon.

Sa modyul na ito ay inaasahang masasagot mo ang mahahalagang tanong na:

1. Bakit mahalaga ang pag-iral ng Prinsipyo ng *Subsidiarity* at Prinsipyo ng Pagkakaisa?



## **Subukin**

**PANUTO:** Basahing mabuti at unawain ang tanong. Piliin ang pinakaangkop na sagot at isulat ang titik lamang sa sagutang papel.

1. Ano ang tawag sa pinakamaliit na yunit ng komunidad?
  - a. pamilya
  - b. simbahan
  - c. paaralan
  - d. bansa
2. Paano makatutulong ang institusyong paaralan sa paghubog ng moralidad sa mga kabataan?
  - a. Hikayatin sumali sa mga paligsahang lokal.
  - b. Magsagawa ng mga adbokasiyang naglalayon sa positibong pananaw sa buhay.
  - c. Hikayating mag-aral sa semenaryo.
  - d. Hubugin ang mga mag-aaral para sa pampulitikang adhikain.
3. Alin sa mga salita ang nagpapakita sa tunay na kahulugan ng pamayanan?
  - a. institusyong pinapairal ng batas
  - b. institusyong binubuo nga prinsipyong pulitikal
  - c. isang pangkat na nag-uugnayang tao
  - d. isang pinaka importanteng institusyon sa lipunan

4. Bakit tinaguriang mas higit pa sa kayamanan at salapi ang lipunan?
  - a. Ito'y dahil sa natatanging nakabaon na mga ginto sa mga lupain.
  - b. Ang mga tao ang siyang nagbigay buhay sa panlipunang pagkakaisa.
  - c. Nakasalalay ang adhikaing pang ekonomiya sa katatagan ng pagkakaisa.
  - d. Adhikaing moral ang nagbigay buhay sa malakas na lipunan.
  
5. Ano ang prinsipyo ng *subsidiarity*?
  - a. ang pagtulong sa paaralan
  - b. ang pagpapatayo ng mga pampublikong gusali
  - c. ang pag kupkop sa mga dukha
  - d. ang pagtulong ng pamahalaan sa pamayanan
  
6. Bilang isang mag-aaral, ano ang iyong tungkulin para sa mga *Out of School Youth*?
  - a. Hikayatin silang mag-aral sa pamamagitan ALS program.
  - b. Imungkahi sa kanila na makilahok sa panlipunang protesta.
  - c. Hikayating mag *apply* ng trabaho sa ibang bansa.
  - d. I-suggest na makilahok sa pang komunidad na Gawain.
  
7. Alin ang higit na mahalaga sa lahat kapag lipunan ang pinag-uusapan?
  - a. kabuuan ng dignidad
  - b. kabutihang panlahat
  - c. kaangkupan sa iba
  - d. may takot sa batas
  
8. Anong dahilan bakit mananatiling buo ang isang samahan? Mayroon silang\_\_\_\_\_
  - a. kontribusyon
  - b. gampanin
  - c. pagmamahalan
  - d. katalinuhan
  
9. Paano mo masasabi na ikaw ay isang mabuting kasapi ng lipunan? Iniisip ang \_\_\_\_\_.
  - a. kabutihan para sa sarili
  - b. kabutihan para sa iba
  - c. kakainin sa susunod na araw
  - d. maka-mundong gawain
  
10. Alin sa mga sumusunod ang hindi masasabing katuwang sa lipunan?
  - a. paaralan
  - b. pamilya
  - c. bahay-aliwan
  - d. simbahan

## Aralin

# 1

## Lipinang Pampulitika, Prinsipyo ng *Subsidiarity* at Prinsipyo ng Pagkakaisa

Ang modyul na ito ay ginawa upang mapahusay ang kaalaman at kakayahan sa Salamin ng Lipunan na naaayon sa pamantayan ng araling Edukasyon sa Pagpapakatao sa ika-9 na baitang.

Simulan ang modyul na ito sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong na nasa tekstong nasa ibaba.



### ***Balikan***

Iyong natutunan ang kahalagahan ng mga ***Elemento Ng Kabutihang Panglahat*** sa unang aralin. Ang *kabutihang panglahat* ay naaayon sa moralidad ng tao at *Likas na Batas Moral*.

Sa kasalukuyan, paano mo naipakikita ang paggalang sa iyong mga magulang o sa mga nakatatanda sa iyo? Nagagawa mo ba ang pagmamano at pagsagot ng may “po” at “opo”? Paano mo naipakikita na ikaw ay may paggalang sa iyong lipunang kinabibilangan? Sinusunod mo ba ang mga alituntunin at mga batas na pinairal ng ating pamahalaan? Sa anong paraan? Paano ka nakatutulong sa pagpapalaganap at pagpapanatili ng kapayapaan? Sa anu-anong paraan mo naipapakita ang mga gawaing ito?

Ito ang mga paraan upang mapatunayan mo na iyong isinasaalang-alang ang mga kabutihang panglahat.



## Tuklasin

### Gawain 1

**Panuto:** Sa isang malinis na kwaderno isulat ang iyong mga sagot.

<b>Pagkamamayan</b>	<b>Bansa</b>	<b>Lipunan</b>	<b>Pagkakaisa</b>	<b>Subsidiarity</b>
---------------------	--------------	----------------	-------------------	---------------------

1. Mayroong limang salita na nasa kahon sa itaas. Pumili ng tatlo sa mga salita mula rito at sikaping magbigay ng paliwanag sa mga ito.
2. Maaaring isa hanggang dalawang pangungusap lamang ang paliwanag. Ibatay ang paliwanag sa iyong sariling karanasan ng konsepto na nasa kahon.
3. Pagkatapos ay sagutin ang mga sumusunod na tanong:
  - a. Saan ma-iuugnay ang mga salitang nasa kahon?
  - b. Nagkaroon ka na ba ng karanasang tungkol sa mga konseptong ito? Sa paanong paraan?
  - c. Ano ang mga salitang hindi pamilyar sa iyo?

Suriin ang sagot ng mag-aaral. Bigyan agad ng komento ang mag-aaral pagkatapos makompletong masagot at magawa ang mga Gawain.

<b>Krayterya</b>	<b>Puntos</b>
Nilalaman	10
Kalinisan ng Paggawa	5
Konsepto	5
Pagsagawa ng Maaga	5
<b>Kabuuan</b>	<b>25</b>



## Suriin

Narinig mo na ba ang kasabihang, “Ang tanging kailangan upang mapagtagumpayan ang kasamaan ay ang di-pagkilos ng mga mabubuting tao.” (*All that is necessary for the triumph of evil is that good men do nothing*)? Kung minsan, hindi naman sinasadya ng mga tao na wala silang gawin. Maaari ring, hindi lamang nila alam kung ano ang papel nila at kung paano sila makatutulong. O kaya naman, akala lang nilang mayroon nang ibang gumagawa. Sa takot na makagulo pa, lumalayo na lamang sila sa eksena.

Sa modyul na ito ay inaasahang masasagot ang mahalagang tanong na: Paano matutugunan o makakamit ng tao ang kaniyang pangangailangang pangkabuhayan, pangkultura at pangkapayapaan? Bakit mahalaga ang pag-iral ng Prinsipyo ng *Subsidiarity* at Prinsipyo ng Pagkakaisa?



Kung pagpapatakbo ng lipunan ang pag-uusapan, sino nga ba ang dapat manguna dito? Ano ba ang inaasahan sa iyo bilang mabuting mamamayan? Ano ba ang inaasahan ng taumbayan sa pamahalaan?

### **PAMILYA**

- Pangunahing yunit ng lipunan
- Lipon ng dalawa o higit pa sa dalawang tao na magkaugnay sa dugo, sa bisa ng sakramento ng kasal o sa pamamagitan ng pag-aampon o paninirahan sa isang tirahan.

### **PAARALAN**

- Isang organisasyon, institusyon o lugar kung saan hinuhubog at nililalang ang kaisipang moral, pisikal at spirituwal ng mga mag-aaral.

### **LIPUNAN**

- Isang pangkat ng mga tao na binibigyan ng katangian o paglalarawan sa mga huwaran ng mga pagkakaugnay ng bawat isa na binabahagi ang naiibang kultura at/o mga institusyon.
- Ang Lipunan din ay isang pangkat ng mga taong nagtutulungan at nagkakaisa. Mas malawak, isang ekonomikal, panlipunan at imprastrakturang industriyal ang lipunan, na binubuo ng iba't-ibang uri ng tao.

### **PAMAYANAN/KOMUNIDAD**

- Ito ay maaaring isang pangkat ng nag-uugnayang mga tao, na nabubuhay na magkakalapit, na ang kalapitan ay ayon sa puwang, oras, o ugnayan.
- Ang pamayanan ay pangkaraniwang tumutukoy sa isang yunit na panlipunan o pakikipagkapwa na mas malaki kaysa sa isang tahanan, mag-anak, pamamahay (kabahayan) na may pinagsasaluhang karaniwang mga pagpapahalaga at may matibay na samahang panlipunan (kohesyong panlipunan). Ang kataga ay maaari ring tumukoy sa pambansang pamayanan o sa pandaigdigang pamayanan (pamayanang internasyunal). Ang pangalawang pangunahing kahulugan ng pamayanan ay ang pagiging isang pangkat ng mga organismo, maaaring ibang hayop na bukod pa sa tao, na ma interaksyon o ugnayan na namumuhay at nagsasalo ng isang kapaligirang may populasyon.


### **BANSA**

- **Bansa** (mula sa Sanskrito:  $\text{भान्सा}$  [vanśa]) ay isang pagkakahating pampolitika ng isang entidad pang-heograpiya, isang soberanyang sakop, na mas karaniwang iniuugnay sa mga kaisipang estado o nasyon at pamahalaan. Ang pormal na pagkikilala bilang estado ay nangangailangan ng pagganap ng teoryang konstitutibo ng pagka-estado, na nangangailangan ng isang estado ng pagkilala mula sa ibang mga mas kinikilala at lehitimong estado upang maging kasapi dito.

### **PRINSIPYO NG PAGKAKAISA AT SUBSIDIARITY**

- Ang prinsipyo ng pagkakaisa ay nagbibigay diin sa kabutihang panlahat, tungkulin, kooperasyon, at pagkakapantay-pantay. Ito ang mag-aakay sa estado upang itaguyod ang kabutihang panlahat kahit na kung minsan ay maisakripisyo ang kapakinabangan ng ilang indibidwal.

- Ang prinsipyo ng *subsidiarity* ay nagbibigay diin sa katauhan ng isang indibidwal, karapatan, privacy, at kalayaan. Ito ang mag-aakay sa estado na igalang at pangalagaan ang mga likas na karapatan ng bawat indibidwal at ng pamilya na naaayon sa kabutihang panlahat. Dagdag pa niya, mahalagang panatilihin ang balanse ng dalawang ito upang higit na mabigyang pansin ang pagkakamit ng kabutihang panlahat at pagkilala sa dignidad ng tao.



## **Pagyamanin**

### **Gawain 2:**

#### **Panuto:**

1. Gumawa ng profile ng samahang kinabibilangan. Pumili ng isa sa mga sumusunod: a. pamilya b. klase sa paaralan c. barkada d. organisasyong kinaaaniban, at iba pa.
2. Ang magiging anyo ng profile na bubuuin ay isang pahina ng scrapbook, magasin, o iba pang malikhaing disenyo.
3. Kakailanganin mo ng mga sumusunod na kagamitan: (lumang magasin, mga larawan na may sukat na 2x2, gunting, panulat, malinis na papel, pandisenyo (gamit ang recycled materials), pandikit, Pangkulay)
4. Bigyan ng espasyo sa pahina ang bawat kasapi. Isulat ang kanilang mga pangalan, at idikit ang kanilang mga larawan sa espasyong nakalaan.
5. Sumulat ng maikling paglalarawan sa bawat isa. Mahalagang maipakita sa paglalarawan kung paanong namumubukod-tangi ang bawat isa sa pangkat.
6. Kailangang isa-isahin ang (a) pagkakapare-pareho ng mga katangian (ano ang katangiang taglay ng lahat) at (b) pagkakaiba-iba ng bawat isa (ano ang nagpapabukod-tangi sa bawat isa).
7. Tiyaking maipakikita ang pagkamalikhain sa isasagawang gawain.
8. Pagkatapos ay sagutin ang mga sumusunod: a. Paano nakakatulong ang inyong pagkakapare-pareho sa pagiging isang matatag na samahan? b. Paano naman ninyo/mo hinaharap ang pagkakaiba-iba upang mapanatili ang magandang samahan?




## **Isaisip**

### **Gawain 3:**

**PANUTO.** Piliin ang titik ng may tamang kahulugan na nasa kahon at isulat sa patlang ng bawat aytem.

- |                              |              |            |
|------------------------------|--------------|------------|
| a. Paaralan                  | c. Pamayanan | e. Lipunan |
| b. Prinsipyo ng subsidiarity | d. Bansa     | f. Pamilya |


- \_\_\_ 1. Lipon ng dalawa o higit pa sa dalawang tao na magkaugnay sa dugo, sa bisa ng sakramento ng kasal o sa pamamagitan ng pag-aampon o paninirahan sa isang tirahan.
- \_\_\_ 2. Nagbibigay diin sa katauhan ng isang indibidwal, karapatan, *privacy*, at kalayaan.
- \_\_\_ 3. Isang organisasyon, institusyon o lugar kung saan hinuhubog at nililina ang kaisipang moral, pisikal at spiritual ng mga mag-aaral.
- \_\_\_ 4. Isang pagkakahating pampolitika ng isang entidad pang-heograpiya, isang soberanyang sakop, na mas karaniwang kumakabit sa mga kaisipang estado o nasyon at pamahalaan.
- \_\_\_ 5. Isang pangkat ng mga tao na binibigyan ng katangian o paglalarawan sa mga huwaran ng mga pagkakaugnay ng bawat isa na binabahagi ang naiibang kultura at/o mga institusyon.



## Isagawa

### Gawain 4: Graphic Organizer

**Panuto:** Sa isang pang aktibidad na gawaing-kwaderno, isagagawa ang sumusunod: Sa bawat *concept map* magbigay ng mga angkop na salita na maituturing na hiyas ng kaalaman.





## Tayahin

### Gawain 5:

**PANUTO:** Basahing mabuti ang bawat pangugusap at unawain ang tanong. Piliin ang pinaka-angkop na sagot at isulat ang titik nito sa sagutang papel.

1. Ano ang prinsipyo ng *subsidiarity*?
  - a. ang pagtulong sa paaralan
  - b. ang pagpatayo ng mga pampublikong gusali
  - c. ang pagkukop sa mga dukha
  - d. ang pagtulong ng pamahalaan sa pamayanan
  
2. Bakit tinaguriang mas higit pa sa kayamanan at salapi ang lipunan?
  - a. Ito'y dahil sa natatanging nakabaon na mga ginto sa mga lupain.
  - b. Ang mga tao ang siyang nagbigay buhay sa panlipunang pagkakaisa.
  - c. Nakasalalay ang adhikaing pang ekonomiya sa katatagan ng pagkakaisa.
  - d. Adhikaing moral ang nagbigay buhay sa malakas na lipunan.
  
3. Ano ang tawag sa pinakamaliit na yunit ng komunidad?
  - a. pamilya
  - b. simbahan
  - c. paaralan
  - d. bansa
  
4. Paano makatutulong ang institusyong paaralan sa paghubog ng moral sa mga kabataan?
  - a. Hikayating sumali sa mga paligsahang lokal.
  - b. Magsagawa ng mga adbokasiyang naglalayon sa positibong pananaw sa buhay.
  - c. Gabayan na mag-aral sa semenaryo.
  - d. Hubugin ang mga mag-aaral para sa pampolitikang adhikain.
  
5. Alin sa mga salita ang nagpapakita sa tunay na kahulugan ng pamayanan?
  - a. institusyong pinapairal ng batas
  - b. Institusyong binubuo ng prinsipyong pulitikal
  - c. isang pangkat na nag-uugnayang tao
  - d. isang pinaka importanteng institusyon sa lipunan
  
6. Alin sa mga sumusunod ang hindi masasabing katuwang sa lipunan?
  - a. paaralan
  - b. pamilya
  - c. bahay-aliwan
  - d. simbahan
  
7. Paano mo masasabi na ikaw ay isang mabuting kasapi ng lipunan? Iniisip ang \_\_\_\_\_.
  - a. kabutihan para sa sarili
  - b. kabutihan para sa iba
  - c. kakainin sa susunod na araw
  - d. maka-mundong gawain

8. Anong dahilan kung manatiling buo ang isang samahan? Mayroon silang \_\_\_\_\_.
- kontribusyon
  - gampanin
  - pagmamahalan
  - katalinuhan
9. Alin ang higit na mahalaga sa lahat kapag lipunan ang pinag-uusapan?
- kabuuan ng dignidad
  - kabutihang-panlahat
  - kaangkupan sa iba
  - may takot sa batas
10. Bilang isang mag-aaral, ano ang iyong tungkulin para sa mga *Out of School Youth*?
- Hikayatin silang mag-aral sa pamamagitan ng ALS program.
  - Imungkahi sa kanila na makilahok sa panlipunang protesta.
  - Hikayating mag *apply* ng trabaho sa ibang bansa.
  - I-suggest na makilahok sa pang komunidad na gawain.




## Karagdagang Gawain

### Gawain 6

#### Panuto:

- Panoorin ang *GMA News TV Special* na “Bayan Ko”. Maaari itong mapanood sa *YouTube* sa mga sumusunod na url: Kabanata
  - <http://www.youtube.com/watch?v=u-a3qSXv4hg>
  - <http://www.youtube.com/watch?v=DCAiZCITPlg>
  - <http://www.youtube.com/watch?v=5UUY1RFVunA>
  - [http://www.youtube.com/watch?v=p1e7mna\\_2j8](http://www.youtube.com/watch?v=p1e7mna_2j8)
  - <http://www.youtube.com/watch?v=aw0IrE6lJdg>
  - <http://www.youtube.com/watch?v=cBDG3V-LaxI>
- Itala sa iyong kwaderno ang kapansin-pansin na eksena sa bawat kabanata na nagpapakita ng pag-iral o pag-labag sa Prinsipyo ng *Subsidiarity* at *Solidarity*. Maaring gamitin ang pormat na nasa ibaba

Kabanata	Eksena	Pag-iral		Paglabag	
		<i>Subsidiarity</i>	<i>Solidarity</i>	<i>Subsidiarity</i>	<i>Solidarity</i>



## ***Susi sa Pagwawasto***

**Subukin:**

a. A  
b. B  
c. C  
d. B  
e. D  
f. A  
g. B  
h. A

**Isaisip:**

1. F  
2. B  
3. A  
4. D  
5. E

**Tayahin:**

1. C  
2. B  
3. D  
4. B  
5. A  
6. C  
7. B  
8. A

## ***Sanggunian***

Gayola, Sheryll T. et.al (2015). Edukasyon sa Pagpapakatao Modyul para sa Mag-aaral. FEP Printing Corporation. Pasig City

Rikki, Julian (2014). “Edukasyon Sa Pagpapakatao ,” Baitang 9, Modyul Para sa Mag-aaral (Kagawaran ng Edukasyon: Manual.

Draft March 31, 2014. Edukasyon sa Pagpapakatao, Baitang 9, Modyul 2

“Edukasyon Sa Pagpapakatao ,” Baitang 9, Manwal Para sa Guro (Kagawaran ng Edukasyon: Manual draft, 2014), 33–41

### **Website:**

<https://commons.deped.gov.ph/learningresources>. Accessed April 17, 2020

<http://www.slideshare.net/marcomed/grade-9-edukasyon-sa-pagpapakatao-learners-module>

<https://www.slideshare.net/julianrikki/edukasyon-sa-pagpapakatao-grade-9-lm>

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)